Pangalan: ________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ___________ Petsa Nang Natapos: ______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Ang Pangngalan at mga Uri Nito**

**I. Panuto:** Buoin ang mga talata gamit ang angkop na pangngalang pantangi o pambalana na hinihingi sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang sagot at isulat ito sa nakalaang patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Mindanao | Philippine Eagle Center | ibon | isla | Philippine Eagle |

Ang monkey-eating eagle ay isang uri ng napakalakas na (1. pangngalang pambalana sa monkey-eating eagle) _____________. Ito ay maaaring mabuhay sa loob ng animnapung taon. Matatagpuan ito sa Leyte at Samar. Mayroon din nito sa (2. pangngalang pambalana na tumutukoy sa lupang napaliligiran ng tubig) _____________ ng Luzon at _______________ (3. pangngalang pantangi sa ikatlong isla ng Pilipinas).

Dahil sa mga gawain tulad ng ilegal o ipinagbabawal na panghuhuli sa (4. pangngalang pantangi sa pambansang ibon) ____________________, nanganganib na itong maubos. Kaya naman, iniingatan sila sa (5. pangngalang pantangi na tumutukoy sa ligtas na lugar) _____________________ upang maiwasan ang kanilang pagkaubos.

II. Buoin ang diwa ng pangungusap gamit ang angkop na uri ng pangngalan. Isulat ang mga sagot sa nakalaang patlang.

6. Si Jose Rizal ay kinikilalang pambansang _______________.

7. Ang lahat ay dapat tumayo nang matuwid habang inaawit ang ating pambansang awit na may pamagat na _________________.

8. Ang *UP Diksiyonaryo* ay isang ___________ na ginagamit sa asignaturang Filipino.

9. Ang *virus* na _____________ ay isang nakahahawang sakit na pinaghihinalaang nagsimula sa Tsina noong taong 2019.

10. Ang mga nars at ___________ ay ang ating mga makabagong bayani.